Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

STA ROSA. LAGUNA

BY: 8
6-6-97

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPUNG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-28 NG MAYO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
5. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
6. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
7. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
8. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Mga Di-Dumalo:

1. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad (O.B.-LLDA Meeting)
2. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
3. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

****

KAPASIYAHAN BLG. 94-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Algabre na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA PUNONG-BAYAN NA IPAHIMPIL ANG AMBULANSIYA NG PAMAHALAANG BAYAN SA SANTA ROSA COMMUNITY HOSPITAL PANSAMANTALANG HINDI PA NATATAPOS ANG GINAGAWANG "MOTORPOOL".

SAPAGKA'T, nagiging daing ng mga mamamayan ang hirap ng paggamit ng ambulansya lalong-lalo na sa mahigpitang pangangailangan kung saan diumano ay walang nakakaalam sa bahay pamahalaan kung nasaan ito o kung may inihahatid sa alinmang pagamutan at kinakailangan pa diumano na hanapin ang tirahan ng drayber nito kung saan inihihimpil ang nabanggit na sasakyan;

SAPAGKA'T, makababuti na ang ambulansya ay mapahimpil sa Santa Rosa Community Hospital kung saan ay dalawampu't apat (24) na oras na mayroong namamahala, pansamantalang ginagawa pa ang "motorpool" ng pamahalaan;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang paghiling sa Punong-bayan na ipahimpil ang ambulansya ng pamahalaang bayan sa Santa Rosa Community Hospital pansamantalang hindi pa natatapos ang ginagawang "motorpool".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:
Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-20 Pangkaraniwang Pulong ng Sanggunian Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-28 ng Mayo, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim